# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

## 1200 Spiritual Warfare ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 4, 2021

### Tatlong Kaaway ng Cristiano
### SW1202. Ang Laman

Ang madalas na tanong ay sino ang kaaway ng Cristiano? Ang kadalasang sagot ay ang kanyang sinful nature, ang mundo at si Satanas. Ito ay totoo.

*Ang sinful nature na nananahan sa kanyang puso ay ang unang kaaway ng Cristiano*. Ang kanyang puso ay ang pinaka-centro ng kanyang kaluluwa. Ito ay parang tahanan kung saan ang pagnanasa (desires), pag-iisip (intellect), pakiramdam (emotion) at kalooban (will) ay naninirahan. Bago nahulog sa kasalanan ang tao, mayroong mapayapang relasyon ang mga naninirahan sa kanyang puso. Subalit, nang magkasala ang tao, nagkaroon ng conflict ang mga ito.

May dalawang bahagi sa Bibliya tungkol sa tao ang dapat nating isama sa ating pag-aaral sa parteng ito: Ecclesiastes 11:3 at Romans 2:15 nagtuturo na a) inilagay ng Diyos sa puso ng tao ang eternity ngunit walang sino man ang makakaalam ng gawaing ginagawa ng Diyos mula sa simula hanggang sa wakas, at b) ang gawa ng kautusan ay nakasulat na sa puso ng tao na nagsisilbing consensya na nag-aakusa sa kanya kapag siya ay nagkakasala. Bagamat dahil na rin sa patuloy na paggawa ng kasalanan, ang consensya ay maaaring panipisin nang sobra sa punto na ito ay nawawalan ng silbi at maaaring ito pa ang nagpawalang-sala sa kanya.

Ngayon, bigyang linaw natin ang nagaganap na bakbakan sa puso ng tao at dapat lang nating icategorya ang dalawang uri ng tao: a) ang makasalanan, at b) ang mananampalataya.

Ang lahat ng tao ay pinapanganak na makasalanan, patay sa espiritu at kapos sa kaluwalhatian ng Diyos (Ephesians 2:1; Romans 3:23). Ang lahat ng tao ang bumubuo sa unang categorya. Ang mga mananampalataya naman ay ang mga makasalanan na nang makarinig sila ng salita ng Diyos ay nagtiwala sa Kanyang sinabi; tulad ni Abram (Genesis 15:6).

Dahil sa mga katotohanang ito, mauunawaan na ang bakbakan sa loob ng puso ng mga makasalanan ay hindi truth vs lie, good vs evil o right vs wrong. Ang labanan ay kung ano sa mga desires niya ang susundin ng kanyang will na magsasakatuparan ng kanyang strongest desire.

Ang mga godly desires to worship God and serve Him only ay nakabilanggo o nakabaon na sa isang tabi ng puso ng mga makasalanan. Sa kanyang consensya na lamang nauulinigan ito. Ang godly desire to worship God ay napalitan ng worship of Self. Ang magbunga at magparami ay napalitan ng sexual pleasure. Ang lupigin ang lupa ay napalitan ng pag-aari ng lupain, mas malawak, mas mabuti. Ang pamamahala ng mga isda, ibon at mga hayop sa buong mundo ay napalitan ng maging makapangyarihan upang mapag-harian ang buong mundo. Dahil sa consensya, mayroong component na religion ang buhay ng mga makasalanan. Alam ng makasalanan na mayroong Diyos na banal at makapangyarihan. Subalit dahil sa kanyang pagre-rebelde pilit niyang ibinabaon pa sa kailaliman ng kanyang puso ang

katotohanang ito. Bagkos ay gagawa na lamang siya ng sarili niyang diyos-diyosan. Kaya naman ang tawag ng Scripture sa katulad niya ay hangal (Psalm 14:1).

Malungkot ang larawan ng mga tao sa mundo na inilarawan ng Genesis 6. Sa panahong iyon, isang tao lamang ang binanggit ng Scriptura na matuwid – ang mananampalatayang si Noah. Dahil sa kalagayang ito, minabuti ng Diyos na gunawin ang buong mundo mapuwera lamang si Noah at ang kanyang pamilya. Matapos ang pandaigdigang delubyo nagsimula ulit ang repopulation ng mundo. Ang kaganapang ito ay pagpapatunay na kung hindi mag-i-intervene ang Diyos, ang lahat ng tao sa mundo ay wala nang pinag-iisipan pa nang patuloy kundi kasamaan lamang; mga makasariling bagay lamang. Ang dahilan? Ang kanilang makadiyos na pagnanasa ay nakabilanggo sa kailaliman ng kanilang puso.

Ang sinabi ng Panginoong Jesus sa John 8:31-32 ay ito: *Kung panghahawakan ninyo ang Aking salita, kayo nga ay Aking mga disipulo, at malalaman ninyo ang katotohanan at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.*

Ang hiwaga na naganap sa mananampalataya nang siya ay ipinanganak muli ay ipinaliwanag ni Apostol Pablo: Sinabi niya na tayong mga Cristiano ay *patay sa ating mga kasalanan na ating kinasanayan noong sumusunod pa tayo sa takbo ng mundong ito ni Satanas. Kinukunsinti natin ang ating makasalanang kalikasan at sunod-sunuran lamang tayo sa mga naisin at isipin nito. Subalit, dahil sa laki ng pag-ibig sa atin ng Diyos na mayaman sa habag, tayo ay Kanyang binuhay kay Cristo maski tayo ay patay pa sa kasalanan – sa pamamagitan ng biyaya tayo nangaligtas* (Ephesians 2:1-5).

Ang lahat ng taong ipinanganak muli ay ipinanganak sa Espiritu. Ang mga nakabilanggo niyang mga godly desires ay muling nakalaya at unti-unting nangimbabaw sa kanyang puso habang siya ay lumalago sa pagkaalam ng salita ni Cristo na taglay at pinatotohanan ng buong Bibliya. Ito ang tunay na spiritual warfare. Ano ang magiging strongest desire sa puso ng tao na isasakatuparan ng kanyang kalooban? Kung ano ang pinakamabigat na paniniwalaan ng tao na mabuti at tama. Iyon ang kanyang isasagawa. Ang katotohanan ng salita ni Cristo versus kasinungalingan ni Satanas na itinutulak ng mundo ang bakbakan sa loob ng puso ng tao. Ang choice ay nasasa tao.

© Revised: November 4, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.